# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 53
# Bigyang Halaga ang Salita ng Diyos

Nalalamang ang Salita ng Diyos ay mahalaga sapagkat sa pagaaral ng Salita ng Diyos ay sa huli ay magpapahayag sayo sa kung anong paraan o pangyayari na hindi mo inilalagay una ang Diyos sa iyong buhay. Ang Mangaawit ay sinabi, "15 Ako'y magbubulay sa iyong mga tuntunin, at gagalang sa iyong mga daan. 105 Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas." (Mga Awit 119:15, 105) Ang pagaaral at pagpapahalaga sa Salita ng Diyos ay suriin ka at dalhin ang iyong personal na buhay sa kaliwanagan. Ang pagbabasa at pagaaral ng Salita ng Diyos ay malinaw na nagpapakita sa iyong sarili at iyong makikilala ang sitwasyong kinalalagyan mo.

Sa partikular, ang Salita ng Diyos ay maglalantad sa iyong mga kasalanan at mga paglabag at sa lugar na nabigo mo ang Diyos, upang ikaw ay magsisi at ituwid ang iyong sarili, at ang kinahinatnan ng iyong nagawa, at ang mapanganib na daan kung saan mo nilagay ang iyong sarili.

Sa sumusunod na mga talata tayo ay sinusuri kung paano natin binabasa ang Salita ng Diyos na tutulong sayo upang ilagay una ang Diyos, sa lugar kung saan kailangan ng Diyos na maging prioridad sa iyong buhay.

"1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila'y nangagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel.2 At dinala ni Ezra na saserdote ang aklat ng kautusan sa harap ng kapisanan, na mga lalake at mga babae, at lahat na makadidinig na may kaalaman nang unang araw ng ikapitong buwan.3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan.4 At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang ginawa sa panukalang ito; at sa tabi niya ay nakatayo si Mathithias, at si Sema, at si Anaias, at si Urias, at si Hilcias, at si Maasias, sa kaniyang kanan; at sa kaniyang kaliwa, si Pedaias, at si Misael, at si Malchias, at si Hasum, at si Hasbedana, si Zacharias, at si Mesullam.5 At binuksan ni Ezra ang aklat sa paningin ng buong bayan; (sapagka't siya'y nasa mataas sa buong bayan;) at nang kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo: 6 At si Ezra ay pumuri sa Panginoon, na dakilang Dios. At ang buong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at nagsisamba sa Panginoon na ang kanilang mga mukha'y nakatungo sa lupa.7 Si Jesua naman, at si Bani, at si Serebias, at si Jamin, si Accub, si Sabethai, si Odias, si Maasias, si Celita, si Azarias, si Jozabed, si Hanan, si Pelaia, at ang mga Levita, ay nangagpakilala sa bayan ng kautusan; at ang bayan ay nakatayo sa kanilang dako.8 At sila'y nagsibasa sa aklat, sa kautusan ng Dios, na maliwanag; at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anopa't kanilang nabatid ang binasa. 9 At si Nehemias na siyang tagapamahala, at si Ezra na saserdote na kalihim, at ang mga Levita na nangagturo sa bayan, ay nangagsabi sa buong bayan: Ang araw na ito ay banal sa Panginoon ninyong Dios; huwag kayong magsitaghoy, ni magsiiyak man. Sapagka't ang buong bayan ay umiyak, nang kanilang marinig ang mga salita ng kautusan.10 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi sa kanila, Magsilakad kayo ng inyong lakad, magsikain kayo ng taba, at magsiinom kayo ng matamis; at mangagpadala kayo ng mga bahagi roon sa walang naihanda: sapagka't ang araw na ito ay banal sa ating Panginoon: huwag din kayong mangamanglaw; sapagka't ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan.11 Sa gayo'y napatahimik ng mga Levita ang buong bayan, na sinasabi, Kayo'y magsitahimik, sapagka't ang kaarawan ay banal; ni huwag man kayong mamanglaw.12 At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga bahagi, at nangagsayang mainam sapagka't kanilang nabatid ang mga salita na ipinahayag sa kanila.13 At nang ikalawang araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan.14 At kanilang nasumpungang nakasulat sa kautusan, kung paanong iniutos ng Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, na ang mga anak ni Israel ay magsitahan sa mga balag sa kapistahan ng ikapitong buwan:15 At kanilang ihahayag at itatanyag sa lahat ng kanilang mga bayan, at sa Jerusalem, na sasabihin: Magsilabas kayo sa bundok, at magsikuha kayo ng mga sanga ng olibo, at ng mga sanga ng olibong gubat, at ng mga sanga ng mirto, at mga sanga ng palma, at mga sanga ng mga mayabong na punong kahoy, upang magsigawa ng mga balag, gaya ng nakasulat.16 Sa gayo'y lumabas ang bayan, at nangagdala sila, at nagsigawa ng mga balag, bawa't isa'y sa bubungan ng kaniyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga looban ng bahay ng Dios, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng tubig, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan

ng Ephraim. 17 At ang buong kapisanan nila na bumalik na mula sa pagkabihag ay gumawa ng mga balag, at tumahan sa mga balag: sapagka't mula ng mga araw ni Josue na anak ni Nun hanggang sa araw na yaon ay hindi nagsigawa ang mga anak ni Israel ng gayon. At nagkaroon ng totoong malaking kasayahan.18 Gayon din naman araw-araw, mula sa unang araw hanggang sa huling araw, kaniyang binasa ang aklat ng kautusan ng Dios. At kanilang ipinagdiwang ang kapistahan na pitong araw; at sa ikawalong araw ay takdang kapulungan, ayon sa ayos." (Nehemiah 8:1-18)

Sa itaas na piniling talata mula sa aklat ni Nehemias, ang bayan ng Diyos pagkatapos nilang bumalik mula sa pagkabihag at pagkatapos nilang magayos, sila'y nagbigay ng prioridad sa Salita ng Diyos. Ang dapat ay maging katulad sayo; ang Salita ng Diyos ay may tunay na epekto at kahalagahan sa iyong buhay sapagka't ito'y nagpapahayag ng kaisipan ng Diyos at ang Kanyang magagandang plano sa iyong buhay.

Ang pagbabasa ng Salita ng Diyos ay ang Diyos nagsasalita sayo: Kapag ang Salita ng Diyos ay naging pangunahin at sa unang lugar sa ating puso't isip, makikita natin ang presensya ng Diyos sa pinalawak na paraan sa ating buhay. Ating ilagay ang Diyos una sa ating buhay sa pagpaparangal sa Kanyang Salita sa sumusunod na paraan:

1. Dahin ang Bibilya: "1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila'y nangagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel."(Nehemias 8:1) Saan ka man pupunta o kikilos, sa sasakyan, o sa bus, o sa opisina, o sa palengke, kailangan mong dalhin ang iyong sariling Bibliya kasama mo upang iyong mailabas ito at mababasa kung saan ang Diyos ay magsalita sayo upang basahin. Sila'y nagtanong kay Ezra na dalhin ang aklat ng batas ni Moises, at dalhin ito sa kanil: "2 At dinala ni Ezra na saserdote ang aklat ng kautusan sa harap ng kapisanan, na mga lalake at mga babae, at lahat na makadidinig na may kaalaman nang unang araw ng ikapitong buwan."( Nehemiah 8:2) Sa parehong paraan, kailangan mong maging handa sa iyong Bibilya, na kung saan ka man pumunta ito ay kailangang nasa sa iyo, yaon ay kapag ang mga tao ay nagtanong sayo o ang Banal na Espiritu ay nagsalita sayo upang ilabas sa gayon ikaw ay handa sa sarili mong Bibliya.

2. Buksan ang Bibilya: "5 At binuksan ni Ezra ang aklat sa paningin ng buong bayan; (sapagka't siya'y nasa mataas sa buong bayan;) at nang kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo:" (Nehemiah 8:5) Marami sa atin ay palagiang okupado sa pagbubukas at pagsusuri sa ating mobiles, email boxes, Facebook, Instagram, tutor, chat boxes, etc. naghahanap ng bagong mga mensahe. Ngunit sila'y hindi man lang nagaalala upang buksan ang kanilang Bibliya. Kailangan mong matutunan na buksan ang iyong Bibilya ng madalas at basahin ang Salita ng Diyos at mga pangako na magpapalakas sayo at magpapatibay sayo sa oras ng kapighatian, idederikta ka sa panahon ng mga kaguluhan at makapagpapatibay sayo sa bawat araw. Ang Salita ng Diyos ay may kapangyarihan at awtoridad at may tunay na epekto sa buhay ng mga tao. Si Ezra habang kanyang binubuksan ang aklat, ang lahat ng mga tao ay nagsitayo. Ang mga tao ay tumayo nang binuksan ni Esra ang Bibliya sa pagparangal sa Diyos, at makukuha lamang natin ang lahat ng kayamanang ito kapag ating binuksan ang ating personal na Bibliya at basahin. Ang mga taong tumayo habang binuksan ni Esra ang Bibilya parang bang siya'y nagbubukas ng kahon ng kayamanan at ang mga tao ay tumayo at tiningnan kung ano ang nasa loob. Tayo ay magkaroon ng ganoon na parehong pagiisip ng isip, na sa bawat oras na ating bubuksan ang ating Bibilya, tayo ay makakatangap ng mahalagang kayamanan mula sa Diyos.

3. Pagpalain ang Diyos sa pagsangayon sa Kanyang Salita: "6 At si Ezra ay pumuri sa Panginoon, na dakilang Dios. At ang buong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at nagsisamba sa Panginoon na ang kanilang mga mukha'y nakatungo sa lupa." (Nehemiah 8:6) Nang binuksan ni Ezra ang Bibilya sinabi ng mga tao Amen, Amen, itinaas ang kanilang mga kamay at itinungo ang kanilang mga ulo at sumamba sa Diyos bilang tanda na sila'y sumasangayon sa kung anong nakasulat sa Bibliya. Sa parehong paraan ating pagpalain ang Diyos sa pagsangayon sa Kanyang Salita at kahandaan upang magpasailalim sa alintuntunin ng kanyang Salita. *Bago mo simulang basahin ang iyong Bibliya gumawa ng isang punto na sumasang-ayon ka sa nilalaman ng iyong babasahin. * Bago mo simulang basahin ang iyong Bibilya manalangin ka na iyong mauunawaan kung anong nais ng Diyos na malaman mo habang ikaw ay nagbabasa.

4. Basahin ang iyong Bibliya: "3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan." (Nehemiah 8:5) Ang pagbabasa ng Bibliya ng araw araw ay dapat maging prioridad. Dapat kang maglaan ng oras sa bawat araw upang basahin ang Bibliya. Hindi yaong magbabasa ka ng Bibliya kung mayroon kang oras kundi gumawa ng oras para magbasa ng Bibliya. Ang iyong pagbabasa ay dapat magkasunod sunod, simula mula sa simula, ang aklat ng Genesis; dapat ka ring maging alinsunod , pagbabasa sa palagi hindi bababa sa 3-4 na kabanata sa bawat araw, pagsulong sa bersekulo sa bersekulo, kabanata sa kabanata, at aklat sa aklat, hanggang matapos mo ang pinaka dulo ng aklat ng Pahayag.

Ngayon ang mga katanungan ito: Mayroon ka bang sariling Bibliya? Dinadala mo ba o dinadala ang iyong Bibliya saan ka man pumunta? Binabasa mo ang iyong Bibilya araw-araw? Binabasa mo ba ang iyong Bibilya ng magkakasunod mula sa simula hanggang wakas? Nagbabasa kaba araw-araw ng sapat ng 3-4 na kabanata? Gumagamit kaba ng tamang Saling salita ng Bibilya? Ang pinaka magandang magagamit ngayon ay King James version.

Binasa ni Esra ang Bibliya mula madaling araw hanggang katanghaliang tapat. Ating basahin ang Bibilya ng madalas at magbigay ng oras at sapat na oras sa pagbabasa. Ilagay mo sa iyong isip na ang pagbabasa ng isang pahina o isang kabanata o isang talata sa araw araw ay hindi magbibigay sayo ng sapat na pagkain para sa iyong kaluluwa upang mapabuti ang iyong buhay.

Si Esra ay binasa ang Aklat ng Kautusan sa harap ng mga kalalakihan, ng kababaihan, at sa mga nakakaunawa; at ang mga tenga ng mga tao ay masikap sa aklat ng kautusan, kahit sa mga bata bilang karagdagan sa matatanda na nakikinig at nauunawaan ang Salita ng Diyos. Kapareho ating kunin ang bawat oportunidad upang magbasa ng Bibliya hindi lamang para sa ating sarili kundi para sa iba na nakapaligid sa atin na maari nilang malaman at maunawaan ang Bibilya.

"13 Hanggang ako'y pumariyan ay magsikap ka sa pagbasa, sa pangangaral, sa pagtuturo." (1 Timoteo 4:13) Tayo din ay maging kay Timoteo ni Pablo at ilaan ang ating sarili upang magbasa ng Banal na Kasulatan sa publiko at turuan at ipangaral ang Salita ng Diyos lalo na sa ating mga anak at ang lahat ng kasapi ng ating pamilya. *Ang inyong mga anak ay dapat magkaroon ng kanilang sariling Bibliya at dapat maturuan kung paano basahin ang Bibliya una bago ang ibang aklat. * Ating turuan ang ating mga anak na ilagay una ang Diyos sa pagbabasa ng Bibliya araw-araw kaysa sa ibang bagay katulad ng electronic na palaro, mobiles, internet, at gadgets na wawasak sa kaisipan at mga mata ng malilit na mga bata at mga matanda.

5. Humingi ng pagaaral ng Bibilya: "1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila'y nangagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel." (Nehemiah 8:1) Ang mga tao ng kanilang mga sarili ay sinabi kay Esra na ilabas ang Salita ng Diyos at basahin sa kanila at ipaliwanag sa kanila ang mensahe ng Diyos. Dapat kang magkaroon ng pagkukusa upang lumapit at magtanong ng pagaaral ng Bibilya. Dapat kang magkaroon ng panloob at mas malalim na paghahangad upang makilala ang Diyos at ang Kanyang Salita.Ang simbahan ay may mga guro galing sa Diyos upang magturo, at kami ay higit na handa upang turuan ka ng Salita ng Diyos.

6. Makinig at maging masigasig sa Salita ng Diyos: "3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan" (Nehemiah 8:3) Ang Salita ng Diyos ay dapat magkaroon ng pinakamataas na lugar sa ating buhay at sa buhay ng simbahan. Ating parangalan ang Salita ng Diyos sa pagtataas ng mensahe ng Diyos sa bawat araw. *Ang simbahan at bawat isa sa simbahan ay dapat nasa ilalim ng Salita ng Diyos, at ang Salita ng Diyos ay dapat nasa itaas. * Ang Salita ng Diyos ay dapat nasa itaas ng mayayaman, sa itaas ng mahihirap, at sa itaas ng matatanda, at sa itaas ng mga namumuno, at sa itaas ng maliliit sa simbahan. Si Esra na eskriba ay tumayo sa pulpito ng kahoy,

kung saan ginawa ito para sa layunin; ang pulpito ay ginawa upang ang Salita ng Diyos ay mabigyang lugar sa lahat ng makikinig, kahit sa itaas ni Esra.

7. Ang Salita ng Diyos ay dapat parangalan: "4 At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang ginawa sa panukalang ito; at sa tabi niya ay nakatayo si Mathithias, at si Sema, at si Anaias, at si Urias, at si Hilcias, at si Maasias, sa kaniyang kanan; at sa kaniyang kaliwa, si Pedaias, at si Misael, at si Malchias, at si Hasum, at si Hasbedana, si Zacharias, at si Mesullam." (Nehemias 8:4) Ang Salita ng Diyos ay dapat magkaroon ng pinakamataas na lugar sa ating buhay at sa buhay ng simbahan. Igalang natin ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mensahe ng Diyos araw-araw. Ang simbahan at lahat ng nasa simbahan ay dapat nasa ilalim ng Salita ng Diyos, at ang Salita ng Diyos ay dapat na higit sa lahat. *Ang Salita ng Diyos ay dapat na higit sa mayaman, higit sa mahihirap, higit sa kabataan, at higit sa lahat ng matatanda, higit sa lahat ng pinuno at higit sa lahat ng maliliit sa simbahan. Si Ezra na mga eskriba sa isang pulpitong kahoy, na kanilang ginawa para sa layunin; ang pupit ay ginawa upang ang Salita ng Diyos ay mailagay sa lahat ng makikinig kahit na higit pa kay Ezra.

8. Unawain at ipaliwanag ang Salita ng Diyos: "7 Si Jesua naman, at si Bani, at si Serebias, at si Jamin, si Accub, si Sabethai, si Odias, si Maasias, si Celita, si Azarias, si Jozabed, si Hanan, si Pelaia, at ang mga Levita, ay nangagpakilala sa bayan ng kautusan; at ang bayan ay nakatayo sa kanilang dako.8 At sila'y nagsibasa sa aklat, sa kautusan ng Dios, na maliwanag; at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anopa't kanilang nabatid ang binasa.
"(Nehemiah 8:7-8) Lahat ng mga manggagawa, ang mga pastor, at mga namumuno ng simbahan ay responsable at inatasan na magpaliwanag at palawakin ng sapat ang Salita ng Diyos na kanilang natanggap, para sa aming bagong kapatiran at batang mananampalataya kay Cristo.

9. Magsisi sa iyong mga kasalanan: "9At si Nehemias na siyang tagapamahala, at si Ezra na saserdote na kalihim, at ang mga Levita na nangagturo sa bayan, ay nangagsabi sa buong bayan: Ang araw na ito ay banal sa Panginoon ninyong Dios; huwag kayong magsitaghoy, ni magsiiyak man. Sapagka't ang buong bayan ay umiyak, nang kanilang marinig ang mga salita ng kautusan." (Nehemias 8:9) Madalas ang mensahe ng Diyos ay mangunguna sa atin upang magsisisi at makipagkasundo sa Kanya. Sa gayon, ang kamangha manghang plano ng Diyos, ang kanyang pagibig, ang Kanyang mabuting kaayaaya at perpektong kalooban sa ating buhay ay mahahayag. Ang mga tao ay nanaghoy habang kanilang narinig ang salita ng kautusan sapagkat nang kanilang narinig ang Salita ng Diyos sila'y nahatulan ng kanilang mga kasalanan at sila'y nagdalamhati sa kanilang ginawa at habang sila'y nagsisisi sila'y nagumpisang umiyak at nakuha ang kagalakan ng Diyos. Ito ay banal na araw na kapag iyong napagtanto ang iyong mga kasalanan at bumalik sa Panginoon sa pagsisisi.

10. Ang pagbabasa ng Salita ng Diyos ay magtatapos sayo sa kagalakan, kaluwagan, pagpapatibay ng loob, kaginhawaan at kalakasan mula sa Panginoon. "10 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi sa kanila, Magsilakad kayo ng inyong lakad, magsikain kayo ng taba, at magsiinom kayo ng matamis; at mangagpadala kayo ng mga bahagi roon sa walang naihanda: sapagka't ang araw na ito ay banal sa ating Panginoon: huwag din kayong mangamanglaw; sapagka't ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan. 11 Sa gayo'y napatahimik ng mga Levita ang buong bayan, na sinasabi, Kayo'y magsitahimik, sapagka't ang kaarawan ay banal; ni huwag man kayong mamanglaw.12 At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga bahagi, at nangagsayang mainam sapagka't kanilang nabatid ang mga salita na ipinahayag sa kanila." (Nehemias 8:10-12) Ang oras na iyong itinalaga sa pagbabasa at pagaaral ng Salita ng Diyos ay magtatapos sa kagalakan, papanumbalik, kaginhawaan na nanggagaling mula sa Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu o sa pamamagitan ng kapatiran kay Cristo at sa simbahan na nariyan upang aliwin tayo at tanggapin ka, gaya ng ating binasa dito, pagkatapos sila'y nagsisisi at tinalikdan ang kanilang mga kasalanan at ang kapanglawan na idinulot nila sa Diyos.

* Paano mo makukuha ang kagalakan? Yaon ay kung magpopokus ka kay Cristo at sa Kanyang Salita, at hindi sa ibang mga bagay. Ilan sa kanila'y nagsasabi na hindi sila masaya sa simbahan, iyon ay dahil sila'y hindi nagpopokus kay Jesus, bagkus sila'y mayroong ibang inaasahan na hindi napunuan, kung saan labas sa kalooban ni Cristo.

*Katunayan ang kagalakan ng PANGINOON ay iyong kalakasan. Kapag nagsimula kanang magbasa ng Bibliya ikaw ay maaring mamanglaw ngunit mamaya ikaw ay magtatapos sa kagalakan at kapunuan, at habang ikaw ay nakikipagkasundo sa Diyos habang ikaw ay nagbabasa ng iyong Bibilya, at habang ikaw ay nagsisi, habang ikaw ay nakikinig ng mensahe, ang kagalakan ng Panginoon ay magbibigay sayo ng kalakasan upang magpatuloy sa buhay at upang paglingkuran Siya.

11. Ibahagi ang mga pagpapala ng Salita ng Diyos sa iba: "12 At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga bahagi, at nangagsayang mainam sapagka't kanilang nabatid ang mga salita na ipinahayag sa kanila." ( Nehemias 8:12) *Kapag ikaw ay nagsimulang magbasa maaring ikaw ay mamamglaw, magduda, malungkot, mabalisa ngunit mamaya ikaw ay magtatapos sa kagalakan at kapunuan at ang iyong kagalakan ng pagtanggap ng mensahe ay mangunguna sayo upang magpatuloy magbahagi sa iba at sariwaan sila ng mabubuting bagay na iyong natanggap. * Ang pageebanghelyo ay ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos kapag malinaw nating maunawaan ang mensahe ng Diyos.

12. Maging masigasig pa upang maunawaan ang Salita ng Diyos upang iyong maunawaan pa ng maayos ang mabuting plano na mayroon ang Diyos para sayo: "13 At nang ikalawang araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan.14 At kanilang nasumpungang nakasulat sa kautusan, kung paanong iniutos ng Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, na ang mga anak ni Israel ay magsitahan sa mga balag sa kapistahan ng ikapitong buwan:15 At kanilang ihahayag at itatanyag sa lahat ng kanilang mga bayan, at sa Jerusalem, na sasabihin: Magsilabas kayo sa bundok, at magsikuha kayo ng mga sanga ng olibo, at ng mga sanga ng olibong gubat, at ng mga sanga ng mirto, at mga sanga ng palma, at mga sanga ng mga mayabong na punong kahoy, upang magsigawa ng mga balag, gaya ng nakasulat." (Nehemias 8:13-15) Dito nang natapos nila ang unang araw ng pagbabasa at pagpapalawak at pagpapaliwanag ng Salita ng Diyos, sa pangalawang araw, sila'y mas masigasig na dinggin ng higit ang Salita ng Diyos. Sila'y nagpunta kay Esra upang unawain pa ang Salita ng Diyos at tunay na sila'y pumunta upang malaman ang tungkol sa kapistahan ng tabernakulo na kanilang pinabayaan na gawin. Kapag ikaw ay pimunta upang magaral pa ng Salita ng Diyos iyong mtutuklasan ng malinaw na mga layunin na inilagay ng Diyos sa harapan mo at upang kamitin ang mas mahusay na detalye tungkol sa mabuting plano na mayroon ang Diyos para sayo. * Kapag ikaw ay pumunta upang malaman pa ang Salita ng Diyos iyong matutuklasan ang mga huwad na mga araw at tradisyon katulad ngayon kung ano ang ginagawa ng simbahan sa pagpapanatili ng Bagong Taon, Pasko, Santa Claus, ang puno, Halloween, Araw ng mga Puso, Araw ng mga Ama, Araw ng mga Ina, atibp, na ang mga araw na ito at tradisyon ay wala sa Bibliya ngunit ito ay kinopya at idikit mula sa sanglibutan, habang kanilang pinapabayaan ng higit ang seryosong mga bagay ng Diyos ay isinantabi ang Salita ng Diyos upang panatilihin ang tradisyon ng mga tao. * Maari mong itanong ano ang panganib ng paggawa ng ganoon? Una mawawala sayo ang pagpapala ng Diyos bilang ang mga idilong ito ay magsasara ng mga pagpapala ng Diyos at pangalawa, ikaw ay itutungo sa impiyerno.

Sino ang pumunta kay Esra nagtatanong pa ng Salita ng Diyos? "13 At nang ikalawang araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan."(Nehemias 8:13) Ang pangulo ng mga ama ng lahat ng mga tao, ang mga pari, at ang mga Levita, sila ang mga mahalagang mga tao ng kongregasyon, ngunit sila'y nagpakumbaba na pumunta at nagtanong para sa mas higit na katuruan upang makakuha pa ng kaunawaan sa Salita ng Diyos. Sa parehong paraan, maging mapagpakumbaba at huwag mahiyang lumapit at humingi pa ng karagdagang pagtuturo at karagdagang pahayag mula sa Salita ng Diyos. Magpakumbaba at lumapit at humingi ng pagaaral ng Bibilya upang maunawaan ang Salita ng Diyos.

13. Ilapat ang bagong mga bagay na iyong natutunan mula sa Salita ng Diyos sa iyong buhay at ilapat yaon sa buhay ng simbahan: "16 Sa gayo'y lumabas ang bayan, at nangagdala sila, at nagsigawa ng mga balag, bawa't isa'y sa bubungan ng kaniyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga looban ng bahay ng Dios, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng tubig, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng Ephraim.17 At ang buong kapisanan nila na bumalik na mula sa pagkabihag ay gumawa ng mga balag, at tumahan sa mga balag: sapagka't mula ng mga araw ni Josue na anak ni Nun hanggang sa araw na yaon ay hindi nagsigawa ang mga anak ni Israel ng gayon. At nagkaroon ng totoong malaking kasayahan." (Nehemias 8:16-17) Narito mula sa Banal

na Kasulatan, naunawaan nila na kailangan nilang ipagdiwang ang kapistahan ng tabernakulo. Para sa atin bilang isang simbahan mula sa pagaaral sa Banal na Kasulatan ating naunawaan na kailangan nating gawin ang maraming mga bagay sa ating buhay at sa buhay ng simbahan at tayo ay nakapaloob upang gawin ang ganoon bilang ating itinalaga ang ating sarili na makapasok sa pamamagitan ng makipot na pintuan at lumakad sa makipot na daan na itinuro sa atin ni Jesus na pagdaanan.

14. Pagsamahin upang basahin, pagaralan at palawakin ang Salita ng Diyos: "18 Gayon din naman araw-araw, mula sa unang araw hanggang sa huling araw, kaniyang binasa ang aklat ng kautusan ng Dios. At kanilang ipinagdiwang ang kapistahan na pitong araw; at sa ikawalong araw ay takdang kapulungan, ayon sa ayos." (Nehemias 8:18) Ano ang ginawa ng mga Israelita noong araw ng kapistahan? Ang pangunahing bagay na kanilang ginawa ay pagbabasa at ang mga Levita ay ibinigay ang mensahe sa mga tao at ipinaliwanag at p inalawak ang Salita ng Diyos sa kanila at kung paanong ilapat yaon sa kanilang buhay. Ang kapistahan ng mga Judio ay hindi tungkol sa pagkain o kasiyahan o palaro o mga laro, kundi tungkol sa pagbabasa at pagpapalawak at pakikinabang mula sa Salita ng Diyos. Sila'y nagtipon tatlong beses sa isang taon, sa Kapistahan ng Paglampas, sa Kapistahan ng Unang bunga, at Kapistahan ng Tabernakulo upang isaayos na basahin at palawakin ang Salita ng Diyos. Ang karamihan na sumusunod kay Jesus, natanggap nila mula sa Kanya ang Salita ng Diyos. Sa parehong paraan ang ating kapistahan bilang mga Kristiyano kapag tayo ay lumapit ng magkakasama ay hindi tungkol sa pagkain o kasiyahan ngunit tungkol sa pagbabasa at pagpapalawak at pakikinabang mula sa Salita ng Diyos.

Sa aking mahal at minamahal:

Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Diyos at pagbabasa ng Bibliya sa tuwina sa iyong buhay.
Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling Bibliya.
Pagtatuin ngayon ang kahalagahan ng pagbabasa ng Bibilya sa tuwina sa mabuting dami at sa pagkakasunod sunod.
Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng pagdadala ng Bibliya saan man ka pumunta.
Pagtantauin ngayon ang kahalagahan ng pagninilay at pagsasalapat ng iyong binasa sa araw araw ng iyong buhay.
Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng pagsunod sa Salita ng Diyos upang dalhin ka sa kasaganaan at katagumpayan.
Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Diyos upang kilalanin at tingnan ang detalye ng plano ng Diyos para sayo.
Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Diyos upang abutin ang iba at ibahagi ang mabuting balita sa kanila.
Pagtantuin ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Diyos upang hawakan ang tamang mga bagay at itapon ang maling mga bagay at kamitin ang bagong mga baqay para sa Simbahan bilang ang Diyos ang nagtalaga

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at bumangon mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na malinaw na ipinakita na kailangan kong ilagay una ka sa paglalalgay una ng iyong Salita sa aking buhay.

Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga iyon. Panginoon aking ipinapahayag at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan
Panginoon aking ipinapahayag at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasanayan at maling prioridad na dumating mula sa kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos. Talikuran ang Facebook, YouTube, at Instagram at mga mensahe at mga sutsot na kumuha sayo mula sa Salita ng Diyos.

Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking sarili sa mga simulain na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon aking ipinagkakatiwala ang aking sarili na magbasa araw-araw ng aking Bibliya at sa pagkakasunod sunod at sa mabuting bilang. Aking ipinagkakatiwala ang aking sarili upang pagnilayan at upang sundin kung anong nakasulat sa Salita ng Diyos. Aking ipinagkakatiwala ang aking sarili upang ibahagi sa aking natutunan sa iba na sa malayo upang dalhin sa kanila ang mabuting balita ni Jesus. Panginoon tulungan mo akong magpatuloy sa makipot na daan, Panginoon protektahan ako mula sa gumagawa ng masama, at ibigay ang lahat ng aking

pangangailangan. Panginoon bigyan ako ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, kahinuhuran, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at paglingkuran ka sa isang mabuting paraang sumasalamin sa katangian mo Jesus sa aking buhay upang ang iba ay makita ka habang tinutulungan ko sila sa kanilang mga kaguluhan, sa mga nangangailangan ng mga kamay, pagsisikap at mga panalangin.

Panginoon, ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban at pagsasalapat ng iyong Salita ng ganap sa aming buhay. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyang daan kami upang makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa Salita ng Diyos.

Panginoon, kami'y nananalangin na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibilya at bagong kapisanan para sa asimbahan at upang abutin ang bagong mga tao at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami,palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit.Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.